Royal College of Anaesthetists

Association of Paediatric Anaesthetists of Great Britain and Ireland

# Pangkalahatang Anestesya

Ang gabay para sa kabataan

## Pangkalahatang anestesya

Ang pangkalahatang anestesya ay kapag ang iyong anestesista ay gumagamit ng gamot (o minsan gas na anestetiko) na nagdudulot ng isang malalim na estado ng pagtulog, kung saan hindi mo makikita, maririnig, o mararamdaman ang anumang bagay. Ang ibig sabihin nito ay wala kang malay at hindi ka magigising hangga't wala nang anestetiko. Ang pangkalahatang anestesya ay mahalaga para sa maraming medikal na pamamaraan tulad ng mga operasyon at ilang pagsusuring medikal.

## Pangkat ng Anestesya

Ang mga anestesista ay mga doktor na nagkaroon ng espesyal na pagsasanay sa paggamit ng mga anestisya upang mapanatiling komportable at ligtas ang mga tao habang sila ay may operasyon at/o mga pagsusuri. Ikaw at ang iyong magulang o tagapag-alaga ay makikipagkita sa isang anestesista bago iyong operasyon. Magkakaroon sila ng kasunduan sa iyo tungkol sa plano para sa iyong anestetiko at pampawi ng kirot matapos ang operasyon. Masaya silang sagutin ang anumang mga katanungan na mayroon ka. Tutulungan ng ibang mga tauhan ang anestetista sa oras ng iyong operasyon o pagsusuri, katulad ng mga anaesthesia associates, operating department practitioners (minsan tinatawag na ODPs) at mga nars sa teatro.
Maari ka ring maimbitahan para sa isang klinikang nagsusuri bago ang operasyon ilang araw o linggo bago ang iyong proseso. Dito, tatanungin ka ng isang nars tungkol sa iyong kalusugan at ihahanda ang mga pagsusuri na maaring kailanganin. Ito ay isa pang oportunidad para sa iyo at sa iyong mga magulang o tagapaga-alaga para sa anumang katanungan.

## Permiso

Makikipagtulungan ang anestesista sa iyo at sa iyong magulang o tagapag-alaga upang sumang-ayon sa isang plano para sa iyong pangangalaga. Walang mangyayari sa iyo hangga't hindi napag-uusapan at napagkasunduan ang plano. Maaari kang magtanong hangga't gusto mo upang maunawaan mo ang lahat ng nangyayari at 'pumayag' (sang-ayon) sa plano. Ikaw o ang iyong magulang o tagapag-alaga ay pipirma ng isang dokumento ng pahintulot kapag nasiyahan ka na sa iminungkahing pangangalaga sa iyo. Ang iyong magulang o tagapag-alaga ay

kailangang magbigay ng pahintulot para sa iyong operasyon kung wala ka pa sa tamang edad na pumirma ng consent form. Habang tumatanda ka, mas mahusay na ang iyong mga masasabi sa mga desisyon na ito.

Maaari kang magbasa nang higit pa tungkol sa pahintulot para sa mga bata at kabataan sa ibaba:
England: https://bit.ly/NHS-consent
Scotland: https://bit.ly/NHSinform-consent.

# Paghahanda para sa iyong anestetiko

## Ang iyong kalusugan

- Kailangan mong maging malusog hangga't maaari bago bigyan ng anestetik. Ang pagkakaroon ng malusog na mga pagbabago sa pamumuhay bago ka bigyan ng anestetiko ay makakatulong sa iyong mabilis na paggaling.
- Kung kaya mo, sa loob ng anim na linggo bago ang iyong operasyon, subukang iwasang makalanghap ng usok ng sigarilyo ng ibang tao at huwag manigarilyo. Importante rin na hindi ka naninigarilyo o gumagamit ng isang vape. Marahil isaalang-alang na hilingin sa sinumang kasama mo sa bahay na naninigarilyo na gawin ito sa labas sa panahong ito. Kapag itinigil o binawasan mo ito bago ang operasyon, maaaring umikli ang pamamalagi mo sa ospital at bumuti ang paggaling ng sugat at paggana ng baga.
- Huwag uminom ng alak ilang araw at linggo bago ang iyong operasyon. Ang sobrang alak ay maaaring makasira ng iyong atay at maaring patagalin ang iyong pagpapagaling.
- Para sa iyong kaligtasan, kailangang malaman ng iyong anestesista kung ikaw ay umiinom ng kontraseptibo o kung ikaw ay gumagamit ng mga drogang libangan o suplemento ng ano mang uri.
- Kapag tinanong ka ng anestesista tungkol sa paninigarilyo, pag-inom at paggamit ng droga, mangyaring maging tapat sa iyong mga sagot. Alam namin na maaaring mahirap talakayin ang mga isyung ito, kaya kung nais mong wala roon ang iyong magulang o tagapag-alaga, maaari mong hilingin na makipag-usap sa anestesista nang mag-isa. Ang pagiging tapat ay hindi nangangahulugan na magkakaroon ka ng problema!
- Kung ikaw ay magkakaoperasyon, isaalang-alang mo ang kinakaain mo at ang iyong kalusugan. Gamitin mo ang oras habang naghihintay sa iyong operasyon para magpalusog upang makapagpagaling at makabalik ng mas mabilis. Maaari mong malaman ang higit pang impormasyon tungkol sa paghahanda para sa operasyon sa aming website na magagamit sa iba 't ibang wika dito:www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.
- Kung mayroon kang anumang pangmatagalang medikal na problema na hindi maayos na nakokontrol, ikaw o ang iyong magulang o tagapag-alaga ay dapat makipag-ugnayan sa iyong GP o espesyalista bago ang petsa ng iyong operasyon at sabihin sa kanila na ikaw ay tatanggap ng anestesya. Pagkatapos ay maaari mo silang kausapin tungkol sa kung anong mga hakbang ang kailangan mong gawin at ng iyong anestesista para maging ligtas ka hangga't maaari habang nasa ospital.
- Dalhin sa ospital ang iyong mga gamot na regular mong iniinom. Sasabihin ng tauhan ng ospital kung kailangan mong itigil ang pag-inom.

- Kung maaari, maghanap ng impormasyon tungkol sa anumang mga alerhiya o sinumang miyembro ng pamilya na nagkaroon ng reaksyon sa mga gamot na pampamanhid, para masabi mo sa iyong anestesista.
- Normal na gumamit ng pagsusuri para sa pagbubuntis para sa sinumang batang babae na higit sa 12 taong gulang gamit ang ihi. Ang pagbubuntis, o ang magaang pagbubuntis, ay maaring makaapekto sa paggamit ng anestetiko, kaya kailangan malaman ng anestesista tungkol sa pagbubuntis. May mga paggamot at pagsusuri na maaaring makapinsala sa kalusugan ng sanggol. Naiintindihan ng mga doktor at mga nars na maari itong maging isang usapang sensitibo, kaya ang pinakaligtas at pinakapatas na paraan ay ipasuri ang lahat. Ang mga empleyado ng ospital ay sanay sa kanilang pagsuri ng mabilis at maingat.

  Ibang impormasyon ay matatagpuan dito: https://flipbooks.leedsth.nhs.uk/LN005583.pdf.

## Pagkain at pag-inom bago ang pagbigay sa iyo ng anestetiko

- Bibigyan ka ng ospital ng malinaw na tagubilin kung kailan dapat huminto sa pagkain at pag-inom bago ang iyong operasyon.
- Importanteng sundin mo ang mga tagubiling ito para sa iyong kaligtasan. Kung mayroong pagkain o tubig sa iyong tiyan habang itinuturok ang anestetiko, maaari itong bumara sa iyong lalamunan at pumasok sa iyong baga. Maaari itong magsanhi na mabulunan ka o magdulot ng malubhang pinsala sa iyong mga baga. Karaniwan kang hihikayating uminom nang mas kaunting dami ng malinaw na likido (karaniwan ay tubig o pinalabnaw na kalabasa) – ito ay ligtas hanggang sa mas malapit na oras ng pagbibigay sa iyo ng anestetiko.

## Damit

- Magsuot ng maluwag at komportable na damit na madaling labhan pagkatapos. Iwasang magsuot ng bago o mamahaling mga damit pagpunta sa ospital.
- Magtanong kung kailangan mong magdala ng mga pajama, tsinelas at/o bestida.
- Magdala ng damit na pwede mong isuot sa pag-uwi.
- Maaari kang pagsuutin ng gown ng ospital.
- Kadalasan ay maaari mong suutin ang halos lahat ng iyong damit na panloob pagpunta mo sa iyong silid, kabilang ang isang bra kung wala itong alambre, pero i-kumpirma sa iyong nars. Ang damit na panloob ay maaaring kailangang tanggalin sa panahon ng operasyon o pagsusuri.
- Paminsan-minsan, ang surgeon maaaring mag-ahit ng ilang buhok mula sa lugar ng operasyon, ngunit kadalasan ay sasabihin nila sa iyo nang maaga kung mangyayari ito.
- Maaaring hilingin sa iyo na magsuot ng mabanat na medyas na hanggang tuhod bago ang iyong operasyon. Nakakatulong ang mga ito na panatilihing maayos ang pagdaloy ng dugo sa paligid ng iyong mga binti upang maiwasan ang pamumuo ng mga dugo.

### Alahas at make-up

- Paunawa, iwanan ang anumang alahas at hikaw sa bahay kung maaari. Kung hindi mo maalis ang iyong alahas, posibleng takpan ito ng tape upang maiwasan ang pinsala dito o sa iyong balat.
- Pakiusap, iwasang gumamit ng make-up, pekeng pilikmata, o kahit anong dekorasyon sa iyong mga kuko (pekeng kuko, gels, acrylics, nail polish,atbp). Ang pekeng pilikmata ay maaring makapinsala sa iyong mga mata habang ikaw ay tulog at ang mga palamuti sa iyong kuko ay maaring makapagpahinto sa mga kagamitan na sumusubaybay sa iyo. Maaring kailanganin itong tanggalin ng mga empleyado ng ospital at magdulot ng pagkaantala sa iyong paggamot.

### Pagpalipas ng oras

- Kadalasan ay maraming panahon ng paghihintay.
- Magdala ng gawain (halimbawa, isang libro, magasin o iyong mobile phone). Mangyaring tandaan na dalhin ang iyong mga headphone at charger.
- Paunawa, tandaan na huwag manigarilyo o ngumuya ng gum sa panahong ito ng paghihintay, at maingat na sundin ang mga alituntunin sa pagkain at pag-inom.

## Pagkakaroon ng anestetiko

- Madalas na sisimulan ng iyong anestesista ang pagbibigay sa iyo ng anestetiko sa isang kwarto sa tabi ng silid ng operasyon, na tinatawag na anesthetic room. Minsan maaari itong mangyari sa silid kung saan magaganap ang operasyon o pagsusuri.
- Karaniwang sisimulan ng iyong anestesista ang iyong anestetiko sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng ilang gamot sa pamamagitan ng cannula (tingnan sa ibaba para sa karagdagang impormasyon tungkol dito). Hindi gaanong karaniwang hihilingin sa iyo na huminga ng gas na medyo kaamoy ng mga felt-tip pen. Pag-uusapan ng iyong anestetista and paraan na pinakamahusay para sa iyo kasama ang iyong mga magulang o tagapag-alaga.
- Ang pagbibigay ng gamot sa pamamagitan ng iyong cannula ay ang pinakamabilis na paraan para sa pagbigay ng anestesya sa iyo. Kung lalanghapin mo ang gas, magkakaroon ka ng cannula kapag ikaw ay mawalan ng malay, upang maibigay ng anestesista ang karagdagang anestetiko, gamot na pangpawala ng sakit, o iba pang mga gamot at likido sa panahon ng iyong operasyon. Maaaring magdulot ng pakiramdam na magaan ang ulo (o parang nahihilo) ang alinmang pamamaraan bago ka mawalan ng malay.
- Kung gusto mo, ang iyong magulang o tagapag-alaga ay maaaring manatili sa iyo hanggang sa ikaw ay mawalan ng malay. Pagkatapos nito, maaari ka nilang hintayin sa waiting room o sa ward. Bilang kahalili, mananatili sa iyo ang isang nars habang nagsisimula nang gumana ang anestetiko.

### Cannula

- Ang cannula ay isang manipis, nababaluktot na plastik na tubo na inilalagay sa isang ugat, kadalasan sa likod ng iyong kamay.
- Maaari kang bigyan ng krema na pampamanhid o isang espesyal na malamig na spray para sa likod ng iyong kamay upang mabawasan ang anumang kakulangan sa ginhawa kapag inilagay ang cannula.

- Ang isang pinong karayom ay ginagamit upang ilagay ang cannula, pagkatapos ay ang karayom ay aalisin kaagad.
- Kapag nakalagay na ang cannula, ang iyong mga gamot ay maaaring ibigay sa pamamagitan nito nang hindi gumagamit ng anumang mga karayom. Minsan ito ay maaaring magdulot ng kaunting lamig, pangingilig o bahagyang kakulangan sa ginhawa.
- Ang iyong cannula ay karaniwang iniiwan sa lugar pagkatapos ng operasyon kung sakaling kailangan mo ng mga pangpawala ng sakit, likido o iba pang mga gamot sa ibang pagkakataon.

## Habang may anestetik

- Ang isang anestesista ay mananatili sa iyo sa lahat ng oras.
- Ang trabaho ng anestesista ay panatilihin kang ligtas at bibigyan ka ng sapat na anestetiko at pampawi ng kirot para panatilihin kang walang malay hanggang matapos ang operasyon.
- Mahigpit kang sinusubaybayan ng anestesista sa buong operasyon (kabilang ang iyong presyon ng dugo, rate ng puso at paghinga).

## Paggising pagkatapos

- Ang lahat ng mga operasyon at pagsusuri ay tumatagal ng iba't ibang haba ng oras, ngunit sa sandaling matapos ang proseso, hihinto ang anestesista sa pagbibigay sa iyo ng gamot na pampamanhid. Hahayaan ka nitong magising pagkalipas ng limang minuto.
- Malamang na magigising ka sa silid ng paggaling, ngunit maaaring hindi mo na maalala ang mga unang minuto o mapagtanto kung nasaan ka talaga. Ang isang sinanay na miyembro ng theatre team, karaniwang isang recovery nars, ang mag-aalaga sa iyo.
- Ang iyong pakiramdam pagkatapos ay depende sa uri ng pamamaraan at anestetiko na mayroon ka. Ang ilang mga tao ay maaaring makaranas ng namamagang tuyong lalamunan, sakit ng ulo, o pakiramdan ng kaunting antok. Karaniwang bibigyan ka ng iyong anestesista ng gamot upang maiwasan mo iyong pakiramdam o magkasakit, ngunit gaganda rin ang pakiramdam mo pagkatapos mong uminom o kumain. Minsan maaari kang makaramdam ng kaunting lamig o panginginig. Kung gayon, bibigyan ka ng kumot upang painitin ka.

### Paggamot ng sakit

- Mahalagang pigilan at gamutin ang pananakit, at ang ilang tao (at ilang uri ng operasyon) ay nangangailangan ng higit na lunas sa sakit kaysa sa iba.
- Mas madaling gamutin ang sakit bago ito lumala, kaya dapat kang humingi ng tulong sa iyong recovery nurse o anestesista sa tuwing nagsisimula kang makaramdam na hindi ka komportable, sa halip na maghintay hanggang lumala ito.

### Pagbalik sa ward

- Maaaring makaramdam ka ng sobrang pagod sa una.

- Kung mayroon kang anumang mga problema, ipaalam sa isang tao para makatulong sila. Maaaring kailanganin mong pindutin ang buzzer o hilingin sa iyong magulang o tagapag-alaga na maghanap ng nars para sa iyo.
- Sa lalong madaling panahon, makakain at makakainom muli depende sa uri ng proseso at mga gamot na pangpawala ng sakit na natanggap mo. Mapapayuhan ka ng iyong nars o anestesista.
- Mananatili ka sa ospital hanggang sa maging ligtas na para sa iyo na umuwi. Para sa maraming proseso, maaari kang umuwi sa parehong araw kung karaniwan kang malusog at ang proseso ay maliwanag.

## Mga panganib na nauugnay sa anestesya

Ligtas ang modernong mga anestetiko. May ilang karaniwang mga side effect mula sa mga gamot na pampamanhid o sa mga kagamitan nito, na kadalasan ay hindi seryoso o may pangmatagalan na epekto. Tatalakayin ng anestesista sa iyo at sa iyong mga magulang o tagapag-alaga ang mga panganib na sa tingin nila ay mas mahalaga para sa iyo. Maaari mong basahin ang mga iba pang detalye tungkol sa mga panganib na nauugnay sa anestesya sa aming website, na maaari mong basahin sa iba't ibang wika dito: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

## Lokal at panrehiyong anestesya

- Minsan maaari mong piliing manatiling gising sa panahon ng iyong operasyon. Kung ito ay posible, tatalakayin ito ng iyong surgeon at/o anestesista sa iyo at sa iyong magulang o tagapag-alaga. Kung ganun, maaari kang magpa-injection ng lokal na anestetiko upang mamanhid ang isang bahagi ng iyong katawan para hindi ka makaramdam ng sakit doon.
- Kung sa tingin mo ay gusto mong manatiling gising, maaari mo itong sabihin sa iyong preassessment.

## Kung gusto mong malaman ang higit pa

- Mangyaring bisitahin ang aming website para sa higit pang impormasyon na available sa iba't ibang wika dito: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

### Disclaimer

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito (www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

# Sabihin sa amin kung ano ang iniisip mo

Tumatanggap kami ng mga mungkahi upang pagandahin ang leaflet na ito.

Kung mayroon kang anumang mga puna na nais mong sabihin, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

**Royal College of Anaesthetists**
Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG
020 7092 1500

# www.rcoa.ac.uk

Ikaapat na Edisyon, Oktubre 2024

Rerepasuhin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglalathala.

**© 2024 Royal College of Anaesthetists and Association of Paediatric Anaesthetists of Great Britain and Ireland**

Maaaring kopyahin ang polyeto na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal ng impormasyon para sa pasyente. Mangyaring bigyan ng sipi ang orihinal sanggunian na ito. Kung gusto mong gamitin ang bahagi ng leaflet na ito para sa ibang publikasyon, dapat bigyan ng angkop na pagkilala at kailangang alisin ang mga logo, tatak at mga imahen. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.